# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 40 BILANG 3 | BASAHIN AT TALAKAYIN | MARSO 2020

EDITORYAL

## Singilin ang rehimeng US-Duterte sa kriminal na kapabayaan sa pagtugon sa COVID-19!

Makatarungan ang paniningil ng mamamayan sa rehimeng Duterte dahil sa kriminal nitong kapabayaan at kainutilan sa pagresponde sa CoronaVirus Disease 2019 (COVID-19) *pandemic*. Lalong pinahirapan ni Duterte ang mamamayan sa pagpataw ng militaristang *lockdown* at paggamit sa COVID-19 para patindihin ang pasismo sa buong bansa. Sa paglaganap ng COVID-19 sa bansa, higit na nalulugmok ang mamamayan lalo na ang pinakamaralitang mamamayan sa kahirapan at kagutuman dahil sa kawalang ng kabuhayan at pagtigil ng iba't ibang panlipunang aktibidad.

Sa umpisa pa lang, walang mapagpasyang hakbangin si Duterte upang agapan ang pagpasok ng COVID-19 sa bansa. Imbes na kagyat na higpitan o tuluyang ipagbawal ang pagpasok ng mga turista galing China na pinagmulan ng *virus* at ibang bansang unang naapektuhan nito, mas binigyang halaga ni Duterte ang 'ispesyal na relasyon' sa China at mga bansang kaugnayan kaysa sa kapakanan ng kanyang sariling mamamayan.

Sa kasalukuyan, walang sapat na imprastrakturang pangkalusugan ang bansa upang sansalain ang ganitong krisis. Ang sektor ng kalusugan sa bansa ang isa sa pinakapinababayaan ng reaksyunaryong gubyerno na pangita sa sistematikong pagkakaltas sa badyet nito. Noong 2016, nasa P123 bilyon pa ang badyet ng Department of Health (DOH), sa taong 2019, P71 bilyon ang inilaan dito. At ngayong 2020, binawasan pa ito ng P16 bilyon at inilaan para sa gastusing militar at *confidential funds* ng iba't ibang ahensya ng reaksyunaryong gubyerno.

Wala itong malinaw na plano para sa *early detection* at *mass testing*. Kulang na kulang din ang mga manggawang pangkalusugan at siyentista na higit na may kakayahan sa pagtugon at paglutas sa ganitong krisis. Wala rin silang natatamong suporta mula sa reaksyunaryong gubyerno. Hanggang ngayon na umaabot ng higit 2,000 ang kaso



# KALATAS

*Marso 2020*
*TOMO 40 BILANG 3*



*1 Singilin ang rehimeng US-Duterte sa kriminal na kapabayaan sa pagtugon sa COVID-19!*

*3 Anti-Terrorism Bill, kasangkapan sa de facto Martial Law ng rehimeng US-Duterte*

*6 Ika-109 Pandaigdigang Araw ng Kababaihan, matagumpay na ipinagdiwang sa TK*

*7 Paglaya ng kababaihan sa landas ng armadong pakikibaka*

*8 Tugon ni PdG: Bakit tinatangkilik ng sambayanan ang BHB*

*10 Kalagayan ng mga magsisibuyas sa Mindoro*

*11 7 sundalo, patay sa kontra-atake ng NPA sa Palawan at Quezon*

*12 Mga aral sa pagsansala sa Covid-19*

*14 Patuloy na paglabag ng 2nd ID sa tigil-putukan, nagresulta sa tatlong labanan*

*15 Dakilain sina Ka Ka Bai, Ka Angel at Ka Reymart!*

*16 Kwentong I ♡ NPA: NPA ang anak ko!*



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com


ng impeksyon, wala pa ring libreng *testing* para sa mamamayan. Sa kabilang banda, pinaprayoridad sa *testing* ang mga kasapakat ni Duterte na binansagang VIP ng nagagalit na mamamayan. Pangitang-pangita ang bulok na burukrasya at sistemang padrino sa pulitika sa bansa sa pagpipigil ng DOH sa inisyatiba ng mga *local government unit* (LGU) na tugunan ang pangangailangan ng kanilang nasasaklaw.

Higit na nalantad ang desperasyon ni Duterte na manatili sa kapangyarihan nang atasan niya ang buong Kongreso na bigyan siya ng *emergency powers* at ideklara ang *lockdown* sa tabing ng *enhanced community quarantine* (ECQ). Sa pamamagitan nito, madulas na naipagpapatuloy ni Duterte ang pagpapataw ng *de facto* Martial Law sa buong bansa. Binigyan siya ng Kongreso ng kapangyarihang mahawakan ang higit P200 bilyon badyet para sa pagsasaayos ng pondo sa iba't ibang ahensya para sa pagharap sa COVID-19. Niluwagan din si Duterte na magamit ang 30% ng *quick response funds*.

Naghambalang ang mga *checkpoint* ng AFP-PNP na nagpaparalisa't humahadlang sa galaw ng mamamayan, komersyo, transportasyon at hanapbuhay. Sa Timog Katagalugan, ipinagmayabang pa ng AFP-PNP ang 2,808 elemento sa 306 *checkpoint* sa buong rehiyon. Ginawang *mandatory* o sapilitan ang *home quarantine* at *curfew*. Sa Sta. Rosa, Laguna, ipinatupad ang 24 oras na *curfew*. Ang pagbabawal sa mga pagtitipon ng mamamayan ay pagtatangkang kontrolin at pigilan ang mga protesta't iba pang anyo ng pagkilos na na maaaring pumutok sa katindihan ng panggigipit ng estado. Para suhayan pa ito, iniutos ng rehimen ang iligal na pag-aresto at pagdakip sa mga taong lalabag sa patakaran ng ECQ. Lubhang apektado rin ang kabuhayan dahil hinaharang ng mga *checkpoint* ang pagpasok ng suplay ng pagkain at produkto.

Dulot nito, paralisado na ang daloy ng produksyon at kabuhayan sa buong bansa. Maraming pabrika, opisina, malalaki at maliliit na negosyo ang nagsara dahil sa *lockdown*. Iniulat ng PEZA na 703 pabrika ang pansamantalang nagsara dahil sa *lockdown*. Sa Cavite pa lamang, 86,549 manggagawa ang apektado sa pagsara ng 309 na kumpanya kung kaya't napakaraming mamamayan ang walang trabaho. Kasabay nito, paralisado na rin ang malayang daloy ng batayang pangangailangan ng mamamayan, hanapbuhay at iba pang panlipunang aktibidad. Malubhang tinamaan din ang sektor ng pampublikong transportasyon na sa unang linggo pa lang ay mawawalan na ng kabuhayan dahil sa pagbabawal na ng mga byahe. Higit ring naghihirap ang iba pang maralitang walang regular na hanapbuhay at *daily wage earners* na umaasa sa arawang kita.

Sa kabilang banda, sinamantala ng rehimen ang panik na dulot ng COVID-19 para ipatupad ang di-deklaradong Martial Law sa bansa sa balangkas ng NTF-ELCAC at imbing pakanang supilin ang rebolusyonaryong mamamayan. Nakaayon ito sa sunud-sunod na pagpapatupad ng rehimen ng mga kontra-mamamayang patakaran katulad ng Public Safety Act (House Bill 78) na magbibigay ng pahintulot sa mga dayuhang kumpanya na ariin ang 100% ng mga operasyon ng mga pampublikong serbisyo sa sektor ng enerhiya at kuryente, telekomunikasyon at transportasyon; at ng higit na malupit at mapanupil na Senate Bill 1083 o Anti-Terrorism Law of 2020 na nag-amyenda sa Human Security Act of 2007 para bigyan ng laya ang rehimen na pakawalan ang terorismo ng estado laban sa mamamayan.

Lalong hindi sinsero at peke ang deklarasyon ng GRP na *unilateral ceasefire* mula Marso 15 hanggang Abril 15 habang walang tigil ang mga *focused military operation* (FMO) ng AFP at PNP sa mga

larangang gerilya ng demokratikong gubyernong bayan sa buong bansa at nakapwesto ang napakarami at suson-susong *checkpoint.* Sa Timog Katagalugan, walang humpay ang FMO sa mga larangang gerilya sa South Quezon-Bondoc Peninsula, Rizal, Laguna, Palawan at Mindoro. Ang walang pakundangang pag-atake ng AFP-PNP sa BHB sa rehiyon ay nagresulta na ng tatlong labanan — isa sa Rizal at dalawa sa Quezon — kung saan tatlong Pulang mandirigma ang nagbuwis ng buhay para ipagtanggol ang sarili at ang mamamayan. Sa Palawan, naglabas ng direktiba mismo si Gov. Jose Chavez-Alvarez na walang SOMO na ipatutupad at ipagpapatuloy ng AFP-PNP ang FMO sa lalawigan.

Doble rin ang pasakit nito sa mamamayan sa kanayunan. Sa iba't ibang bahagi ng rehiyon, pinagbabawalan ang mga magsasaka na pumunta sa kanilang bukid para magkaingin. Sa ilang mga barangay ng Quezon, naglulunsad ang AFP-PNP ng *hamletting* at *food blockade* kung saan pinagbabawalang bumili ang mamamayan ng lagpas sa 5 kilong bigas.

Pinapatay ni Duterte ang mamamayan sa gutom habang patuloy na ipinagkakait sa taumbayan ang kanilang kabuhayan. Dapat na panagutin at pagbayarin ang rehimeng US-Duterte sa kriminal na kapabayaan at pasismo laban sa mamamayan at ang pagsangkalan sa krisis ng COVID-19 para ipataw ang kanyang kamay na bakal sa bayan. Ang rehimeng US-Duterte ang higit na mapanganib na banta sa mamamayan kaysa sa COVID-19. Dapat nilang igiit ang pagbabalik ng pondo para sa kalusugan mula sa gastusing militar.




Sa kabilang banda, nakahanda ang rebolusyonaryong kilusan na gawin ang lahat ng makakaya upang tumulong sa krisis na dulot ng COVID-19. Nagdeklara na ng isang *unilateral ceasefire* ang Partido Komunista ng Pilipinas upang mobilisahin ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa sa pagtulong sa mamamayang apektado ng COVID-19.

Kasabay nito'y pag-ibayuhin ang pakikibaka sa di deklaradong Martial Law at pasismo ng rehimeng US-Duterte. Lalong nagngingitngit sa galit ang mamamayan dahil sa kanilang sinapit sa krisis ng COVID-19 at pasista at anti-mamamayang hakbangin ni Duterte. Hindi maglalao'y sasabog ang galit na ito at sama-sama silang kikilos para pabagsakin ang rehimeng Duterte.

Nasa unahan ng labang ito ang lahat ng rebolusyonaryong pwersa para pamunuan ang kolektibong pagharap ng mamamayan sa krisis sa pampublikong kalusugan at itulak ang pagpihit ng sitwasyon pabor sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan. K

## Paano hinarap ng rehimeng US-Duterte ang epidemya sa dengue

Matatandaang noong Agosto 2019, nagdeklara ang rehimeng US-Duterte ng pambansang epidemya sa dengue dahil sa pagtaas ng kaso ng dengue sa bansa. Umabot sa mahigit 188,000 kaso ng dengue ang naitala kung saan mahigit 800 dito ang namatay. Apektado ng epidemya sa dengue ang 10 rehiyon kabilang ang Timog Katagalugan na umabot sa mahigit 13,000 ang biktima.

Hindi maagap na hinarap ng rehimen ang suliranin sa dengue at iniasa lamang ito sa mga lokal na gubyerno sa kabila ng patuloy na pagtaas ng kaso ng dengue kumpara sa sinundang taong 2018. Walang naging kumprehensibong plano ang rehimen sa pagharap nito. Kung ikukumpara sa pagharap sa epekto ng pagkalat ng COVID-19 *pandemic* sa buong bansa, makikita ang nagpapatuloy na kawalang kahandaan at kriminal na kapabayaan ng rehimeng US-Duterte sa pagharap sa mga epidemyang pangkalusugang kinakaharap ng mamamayan.

I ♥ NPA *Ano ang kwentong NPA nyo? Ipadala ang inyong kwento, tula, dibuho, at iba pang likhang sining at panitikan sa st.kalatas@gmail.com upang mailathala sa Kalatas. Pakamahalin ang BHB!*


# Anti-Terrorism Bill, kasangkapan sa de facto Martial Law ng rehimeng US-Duterte

Sa ratsadang pagpasa sa ikatlo at huling pagbasa ng *rubber stamp* na Senado sa SB 1083 o Anti-Terrorism Bill (ATB), higit na nalantad ang pangil ng pasismo ng rehimeng Duterte.

Paiigtingin pa lalo ng SB 1083 o ATB ang terorismo ng estado sa mamamayan sa ngalan ng pagsugpo sa "terorismo". Ang ATB ay alinsunod sa doktrina ng '*war on terror*' ng imperyalismong US pagkaraan ng pag-atake ng Al Qaeda sa US noong Setyembre 11, 2001 sa World Trade Center at Pentagon. Ang ATB ay bahagi ng mapanupil na komponente ng EO 70 at NTF-ELCAC na naglalayong gapiin ang rebolusyonaryong armadong kilusan.

Pakana ni Sen. Panfilo Lacson, masugid na ahente ng US, ang ATB. Papalitan nito ang Human Security Act of 2007 na ipinasa sa panahon ni Gloria Macapagal-Arroyo tungo sa isang mabagsik na bersyon. Inilusot ang ATB sa Senado sa botong 19-2 sa gitna ng pagputok ng epidemya ng COVID-19 bilang *national health emergency* nitong Pebrero. Pirma na lamang ni Duterte ang hinihintay upang magkabisa ito bilang batas.

Kailangan ng rehimeng Duterte ang mas mabagsik na mga batas at instrumento ng paniniil upang suhayan ang tiranikong paghahari ng kanyang sibilyan-militar na junta sa bansa. Higit na nagiging mabangis, mapanibasib at malakas na kumakapit-sa-patalim si Duterte sa harap ng lumalakas na paglaban ng sawang-sawa nang mamamayan na humihiling na patalsikin na ito sa poder.




**Batas na hinulma sa pasistang ideolohiya**

Ang pagtutulak at pagpapatupad sa ATB at iba pang mapanupil na patakaran at programang naka-angkla sa gera kontra 'terorismo' ng GRP ay naglilingkod sa hegemonikong ambisyon ng imperyalismong US na maghari sa buong mundo. May mahabang kasaysayan ang US sa pagpapakana para ibagsak ang mga demokratikong inihalalal na mga gubyerno at palitan ng mga pasistang rehimen na nagtataguyod sa geopulitikal na interes ng US. Pagkaraan ng 9/11 na pag-atake sa US, inilunsad ng US ang "gera laban sa terorismo" at "gerang walang hangganan" upang salakayin ang Iraq at maglunsad ng gerang agresyon at interbensyon sa iba't ibang dako ng daigdig.

Sa hinabing propaganda ng US, ang mga terorista ay kalaban ng buong sangkatauhan at banta sa kapayapaan. Ginamit nito ang *'war on terror'* upang salakayin at gipitin ang mga bansang anila'y kabilang sa Axis of Evil tulad ng Iraq, Iran at North Korea at mga kaalyado nila. Kalakhan ng mga bansang ito ay nasa Gitnang Silangan at binubuo ng mga estadong nagsisikap na tumindig sa sarili laban sa panghihimasok ng US.

Ngunit bago ang *'war on terror',* inilabas ng US ang Truman Doctrine noong dekada 1940 na tumukoy sa komunismo bilang banta sa kapayapaan ng buong mundo at pambansang seguridad. Kasabay ito ng pagdaluyong ng mga kilusan para sa pambansang pagpapalaya sa iba't ibang panig ng daigdig at konsolidasyon ng sosyalistang kampo na pinamumunuan ng Unyon Sobyet at China.

Ginamit ng mga papet na gubyerno ng US ang Truman Doctrine upang magpataw ng mas matinding pasismo sa kanilang nasasakupan sa ngalan ng pagsugpo sa 'banta sa seguridad ng bansa'. Higit nitong pinabangis ang mga pasistang diktadura sa Latin at Gitnang Amerika hanggang sa Asya at Africa na naitatag sa suporta ng imperyalismong US. Sa mga bansang ito, walang habas ang paglabag sa karapatang tao at pulitiko-sibil ng mamamayan at ikinukubli ang pang-aabuso at kalabisan ng naghaharing rehimen sa 'doktrina ng pambansang seguridad'.

Itinatago sa lenggwaheng 'kontra-terorismo' at 'pambansang seguridad' ang imbing layunin ng imperyalismo at mga naghaharing uri na supilin ang pagdaluyong ng pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya at kasarinlan. Sinadyang paigtingin ang pagpapatupad ng ganitong pasistang hakbangin sa tuwing sumisidhi ang krisis at naliligalig ang pandaigdigang kaayusan tulad noong kalagitnaan ng ika-20 siglo at pagbubukas ng ika-21 siglo.

At ngayong hinahamon ang kasalukuyang pandaigdigang sistema ng matinding krisis pang-ekonomya na pinasidhi pa ng krisis sa COVID-19, muling binubuhay ang pasistang ideolohiya at bumabangon ang mga ultra-kanan at ultra-nasyunalismong partido at kilusan sa mga bansang kanluran.

Sa Pilipinas, kongkretong anyo nito ang pagpasa sa ATB na magbibigay katwiran sa pag-atake ng estado sa batayang karapatan ng mga mamamayan sa ilalim ng de facto Martial Law ng rehimeng US-Duterte.

**Batas na yuyurak sa karapatan at demokrasya**

Dahil nananalaytay ang pasistang ideolohiya, pasasaklawin ng ATB ang kahulugan ng terorismo upang isama ang mga itinuturing ng estado na 'banta sa pambansang seguridad'. Parurusahan nito hindi lamang ang mga tinatakang 'teroristang organisasyon' kundi pati mga taong binabansagang terorista. Pinupuntirya ng ATB ang mga kritiko ng rehimen, pampulitikang oposisyon at higit lalo ang mga pinagsususpetsahang tagasuporta ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan na ikinulumpol sa kategorya na *communist-terrorist group* ng EO 70.

Sa nilabusaw na pakahulugan ng terorismo ay babansagang akto ng terorismo ang mga aktibidad na 'gumugulo' sa normal na takbo ng lipunan at anumang gawain na may katulad na hangarin. Kasama rito ang mga welga, piket at iba pang anyo ng protesta at pagpaparating ng karaingan na sa totoo'y lehitimong pag-ehersisyo ng karapatang pulitiko-sibil ng mamamayan. Malinaw nitong nilalabag ang mismong Bill of Rights ng reaksyunaryong Konstitusyon ng 1987.

Matibay ang batayan ng malawak na pagtutol sa ATB. Kabilang sa mga anti-demokratikong probisyon nito ang pagpapatupad ng *warrantless arrest* at pagpapahintulot sa detensyon ng isang pinagsususpetsahang 'terorista' nang hanggang 14 araw at maaari pang palawigin ng dagdag na 10 araw. Pinahihintulutan din nito ang estado na ilagay sa mahigpit na sarbeylans ang mga taong pinaghihinalaan pa lamang na terorista at busisiin ang lahat ng kanilang komunikasyon, mapa-mekanikal man o elektroniko.

Umaalma ang mga miyembro ng midya, abogado at humanitarian worker na gumagampan ng mga trabahong maaaring mahulog sa pakahulugan ng ATB sa 'terorismo'. Sa ATB kabilang sa pinaghihinalaang terorista ang mga taong nakikipag-ugnayan, nag-uulat tungkol sa, o nag-aabot ng tulong sa mga organisasyon at indibidwal na binansagang terorista ng GRP.

Lahat ng mga anti-demokratikong probisyon ng ATB ay nagsisilbing suporta sa *whole-of-nation approach* ng EO 70 sa pagdurog sa mga kalaban ng rehimen, partikular sa rebolusyonaryong kilusan. Sinusuhayan ng ATB ang armadong panunupil ng AFP-PNP sa pamamagitan ng paglikha ng klima ng takot at pananahimik. Hindi nakapagtatakang nangunguna sa pagsuporta sa ATB ang reaksyunaryong sandatahang lakas, na hiniling pa sa Kongreso ang pagtatanggal sa HSA ng P500,000 multa kada araw sa pwersang pangseguridad ng estado sa mga kaso ng di makatwirang pag-aresto at pagkukulong kung mapatutunayan sa korte na walang sala ang taong kanilang idinetine.

Sa gayon, tinututulan ng mamamayan habang kinalulugdan ng malalaking burgesya kumprador, panginoong maylupa at burukrata kapitalista ang ATB dahil kasangkapan ito sa pagpapanatili ng kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na lipunan na kanilang pinaghahari-harian. Umaasa si Duterte at lahat ng kanyang mga kasapakat na sapat ang batas upang mapatahimik at mapakalma ang kumukulong panlipunang ligalig.

Sa hibang na pangarap ni Duterte lamang ito magkakatotoo. Hindi kaya ng ATB o anumang mapaniil na batas o karahasang militar na supilin ang galit ng mamamayan, laluna ngayong laganap ang kawalan ng trabaho, kagutuman, at matinding pasismo ng estado. Imbes na patayin ang diklap sa kaparangan, magsisilbing dagdag na gatong ang ATB sa naglalagablab na hangarin ng mamamayang ibagsak ang rehimeng US-Duterte. K

KILOS PROTESTA

## Kampuhan laban sa Anti-Terrorism Bill, inilunsad ng BAYAN-ST




Inilunsad ng Bagong Alyansang Makabayan Southern Tagalog (BAYAN-ST) ang kampuhan sa labas ng House of Representatives (HOR) noong Marso 9-10 upang tutulan ang niratsadang Anti-Terrorism Bill ng rehimen.

Inumpisahan ng BAYAN-ST ang kilos protesta ala-una ng hapon sa labas ng Kongreso upang umapila sa mga mambabatas na ibasura ang naturang mga susog sa RA 9372 o Human Security Act. Ayon sa BAYAN-ST, gagamitin ang batas na ito hindi lamang laban sa mga aktibista kundi sa lahat ng mga kritiko ng gubyerno at mamamayang mapagmahal sa kapayapaan.

Ayon kay Casey Cruz, tagapagsalita ng BAYAN-ST, "Kahit na wala pa ang batas na ito, nagsisilbing patikim lamang ang matinding *red-tagging* at iligal na pag-aaresto at pagpatay sa mga aktibista sa maari pang gawin ng pasistang rehimen ni Duterte."

Nauna nang ipinatupad ni Duterte ang EO 70 at NTF-ELCAC na nagresulta ng higit na paglala sa mga paglabag sa karapatang tao sa rehiyon. Ipinanawagan din ng Karapatan-ST sa kilos protestang ito ang hustisya sa lahat ng mga biktima ng paglabag sa karapatang tao sa rehiyon.

Sa araw ding iyon, naglunsad din ang BAYAN-ST ng kilos protesta sa Department of Interior and Local Government (DILG) central office at Camp Crame. Ayon sa BAYAN-ST, ang mga opisinang ito ang mayor na tagapagpatupad ng mga pasistang kalakaran ng rehimen.

Kinundina rin nila ang Kalihim ng DILG na si Eduardo Año at ang AFP-PNP na nangunguna sa *red-tagging* ng mga progresibong grupo at sa mabalasik na pagpapatupad ng NTF-ELCAC, EO 70 at pagbabalangkas ng Anti-Terrorism Bill. K

# Ika-109 Pandaigdigang Araw ng Kababaihan, matagumpay na ipinagdiwang sa TK

Ipinagdiwang sa iba't ibang bahagi ng Timog Katagalugan ang ika-109 Pandaigdigang Araw ng Kababaihan noong Marso 8 sa temang "Bangon Babae! Ipagtanggol ang Kabuhayan, Kalayaan at Karapatang ginigipit ng rehimeng US-Duterte!". Aabot sa 800 kababaihan at mamamayan ang nakiisa sa kilos protesta sa rehiyon.

Inilunsad sa Taytay, Rizal ang panrehiyong kilos protesta kung saan inumpisahan nila ang selebrasyon sa isang *street dancing* mula Kalayaan Park tungong Bagong Palengke bago simulan ang programa. Binitbit dito ang ang mga tampok na usapin sa probinsya laban sa mga proyektong Build, Build, Build dito tulad ng Kaliwa Dam, LRT Extension Project, C6 Phase 1 Project at iba pang mapangwasak na proyekto sa tirahan at kabuhayan ng mamamayan. Binatikos rin ng mga kababaihan at mamamayan ang EO 70 at pagpapasa ng Anti-Terrorism Bill ng rehimen.

Sa Batangas, kaisa ang lokal na pamahalaan ng Laurel, sumayaw ang higit-kumulang 200 kababaihan sa awiting "Isang Bilyong Babae ang Babangon" para sa panawagang hustisya para sa mga biktima ng pagsabog ng Bulkang Taal.

Naglunsad naman ng Family Day sa probinsya ng Cavite at naglunsad ng pamprobinsyang mobilisasyon sa hapon.

Samantala, nakaranas ng *police* at *military harassment* ang delegasyon ng Laguna sa inilunsad nilang *caravan* mula Santa Cruz hanggang Calamba. Tatlong beses silang pinahinto sa mga *checkpoint* at tinangkang kunin ang lisensya ng isang driver ng kanilang sasakyan. Sa kabila nito, ipinagpatuloy ng mga kababaihan at mamamayan ang panawagan ng probinsya na naglalantad sa karahasan ng estado sa maralita sa tabing riles at tabing lawa at lumalalang epekto ng kontraktwalisasyon at pagbubuwag ng mga unyon sa hanay ng mga manggagawa.

Bilang simbolo ng galit at pagkamuhi sa gubyernong Duterte at pagpapakatuta nito sa US at China, binato nila ang *mural* na pinamagatang Maniac Jester Duterte. Tinapos ang programa sa pagsusunog ng mural na may mukha ni Duterte.

"Ito ay simbolo ng nag-aalab na diwa ng kababaihan upang patalsikin si Duterte at wakasan na ang kanyang pagsasamantala sa kababaihan at masang anakpawis. Ipagpatuloy ang pambansa-demokratikong rebolusyong sinimulan nila Gabriela Silang!" lagom ng tagapagsalita ng Gabriela TK. K




*Ang 9 x 8 ft mural na Maniac Jester Duterte ay simbolo ng pagpapakatuta ni Duterte sa imperyalistang US at China. Nakalagay sa damit ni Duterte ang mga pahayag niyang bumabastos sa kababaihan at hindi kumikilala sa karapatang tao.*



# Dumagat na CAFGU, tinortyur ng 80th IB

Tinortyur at iligal na ikinulong ng 80th IB ang isang myembro ng CAFGU na si Elmer "Ime" Piñamante, 33 taong gulang. Si Ime ay aktibong CAFGU at katutubong Dumagat na nagsisilbi sa 59th IB simula pa noong 2014.


Kinuha si Ime sa kanilang bahay sa Sitio Quiborosa, Brgy. Daraitan, Tanay, Rizal noong Pebrero 26 at dinala sa kampo ng 80th IB sa Camp Capinpin, Brgy. Pinugay, Tanay, Rizal. Natagpuan na lamang siya ng kanyang asawa na si Arlyn noong Marso 1 na sugatan at takot na takot. Nagbilin pa siya sa kanyang asawa na umalis na at dalhin ang mga anak nila upang hindi abutan ng mga sundalo. Kagyat nilang iniulat ito sa kanilang *tribal chieftain*.

Ayon sa ulat ni Ime, dinala siya ng 80th IB sa kilometer 92 at tinortyur dahil pinaghihinalaan siyang nakikipag-ugnayan sa NPA. Pinaghukay siya ng sarili niyang libingan at pinasuot sa masukal na bahagi. Subalit nang makalingat ang pasistang sundalo ay tumakas siya.

Inilapit nila ito kay Commander Graciano Octa ng 59th IB subalit ibinigay lamang ng huli si Ime sa kustodiya ng 80th IB noong Marso 1. Nagbanta pa ang pasistang tropa na kailangang sumuko ni Ime bilang NPA. Dahil dito, patuloy na pinapanawagan at ginigigiit ng pamilya ni Ime ang kanyang kaligtasan at agarang pagpapalaya. K

# Paglaya ng kababaihan sa landas ng armadong pakikibaka

Noong sumapi ako sa BHB, pakiramdam ko nakalaya ako sa isang hawla na pumiit sa akin at pumigil sa aking pagkilos."




Ito ang bungad ni Ka Bella sa isang kapehan ng BHB para sa pagdiriwang ng ika-109 anibersaryo ng Pandaigdigang Araw ng Kababaihan. Matamang nakikinig ang mga kasama sa kanyang rebolusyonaryong talambuhay. Bihira itong pagkakataon dahil hindi palaimik si Ka Bella.

Si Ka Bella, 27 taong gulang, ay nagmula sa uring magsasaka. Ikatlo siya sa apat na magkakapatid na babae at kinagisnan niya na ang pyudal na kultura sa kanayunan. Kinasanayan niyang sa bahay lang umiikot ang kanyang mundo. Ang pagkakataong makakalabas lang siya ay sa tuwing papasok sa paaralan o mamamalengke. Istrikto ang kanyang ama at iyon ang tanging boses na nasusunod sa kanilang tahanan.

Nag-umpisa siyang humulagpos sa kanilang pyudal na kaayusan nang ipagkasundo siya ng kanyang ama na ikasal sa isang taong hindi niya mahal. Tumakas siya sa kanilang bahay at lumuwas ng Maynila upang makipagsapalaran. Doon, pumasok siya sa isang pagawaan at muling naranasan ang pagsasamantala sa mga kababaihan. Dinanas niya ang napakababang pagtingin sa kanila at pambabarat sa sahod. Ipinipilit ng mga kapitalista na mananatiling kimi ang kababaihan habang nasa loob ng pabrika, kung saan tinatanggap lang ang mga hindi makatarungang kaayusan tulad ng pagbabawal ng unyon, kaltas sa mga sahod sa tuwing nahuhuli sa pagpasok, at iba pa. Hindi niya kinaya at matanggap ang ganitong kaayusan kaya bumalik din siya sa kanila.

Sa kanyang pagbabalik sa probinsya, napadaan ang mga kasama sa kanilang tahanan. Ang lugar nila noo'y kasama sa isang malawak na lupaing inaagaw ng panginoong maylupa kaya namulat at naorganisa ang kanyang mga magulang. Dito rin siya namulat at naging aktibo sa pag-oorganisa sa kapwa niya kabataan. Hindi naglaon, nagpasya siyang sumapi sa BHB.

Sa kanyang pasya, una niyang iwinaksi ang pyudal na kaisipan sa loob ng kanilang tahanan na ang babae ay mahina at pambahay lamang. Ipinaliwanag niya ang kanyang kagustuhang sumampa sa BHB sa kanyang pamilya na noo'y nagbibitbit pa ng pyudal na pagtinging ang babae ay hindi maaaring humawak ng armas. Binali niya ang atrasadong kultura na gumagapos sa kababaihan sa kanilang tahanan at nagpatuloy sa armadong pakikibaka kahit ngayong isa na siyang ina at itinataguyod ang rebolusyonaryong pamilya.

Bilang Pulang mandirigma, higit niyang pinaunlad ang kanyang sarili sa kalayaan at karapatang tinamasa at ipinagkaloob ng rebolusyonaryong kilusan sa kababaihan. Si Ka Bella ay nagpakahusay sa iba't ibang larangan ng gawain sa loob ng BHB. Kilala siya ng mga kasama bilang mahusay sa gawaing kultura. Isa siya sa mahigpit na katuwang ng yunit ng BHB sa pagpapalaganap ng rebolusyonaryong kultura na nagwawaksi sa pyudal na kaisipan at bulok at dekadenteng burgis na kultura sa mga eryang saklaw ng larangang gerilya. Ito ang isa sa mga paraan kaya nakakapag-organisa sila ng mga kabataan at kababaihan sa kanayunan.

Hindi rin pahuhuli si Ka Bella sa gawaing militar. Si Ka Bella ay tahimik ngunit matapang sa panahon ng labanan. Katunayan, siya ang *liaison officer* ng kumandera ng platun sa isang kumpanya dito sa larangan.

Bagama't hindi kasama ang kanyang dalawang anak, itinuturing niya ang mga bagong pultaym bilang kanyang mga anak at ginagabayan sila sa pagrerebolusyon. Sa panahon namang nakakasama niya ang kanyang mga anak, pinararamdam niya sa kanila ang kanyang pagmamahal sa pagpapaliwanag at pagpapaunawa sa kanila ng kanyang gawain upang mamulat din sila at ipagpatuloy ang pagrerebolusyon.

Natatanaw ni Ka Bella na makasama at makatuwang ang kanyang mga anak sa hinaharap sa pagsusulong ng rebolusyon. Iyon ang rebolusyonaryong pamilya na pinapangarap niyang buuin sa gitna ng marahas na agos ng pagrerebolusyon. Naniniwala siyang ang kanyang rebolusyonaryong pamilya ay kabilang sa maraming binhi na mapupundar ng rebolusyonaryong kilusan sa pagtatatag ng demokrasyang bayan at sosyalistang lipunan at magwawaksi sa pyudal at burges na kaisipan at kaayusan ng lipunang malakolonyal at malapyudal.

"Siyanga pala mga kasama, nilubos ko na ang pag-eehersisyo ng aking karapatan bilang babae dito sa kilusan." Pagtatapos ni Ka Bella. "Ako ang nanligaw sa aking asawa."

Malakas ang tawanan at kantiyawan sa kapehan na iyon. K

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Bakit tinatangkilik ng sambayanang Pilipino ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at sinusuportahan ang Digmang Bayan?

Malalim, taos-puso, at walang halong pag-iimbot ang pagmamahal ng Bagong Hukbong Bayan na kahit ang kanilang natatanging buhay ay handang ialay para sa kapakanan at kagalingan ng sambayanang Pilipino.

Ito ang mga katangian at kabutihan na nakita, naramdaman at naranasan ng sambayanang Pilipino sa piling ng Bagong Hukbong Bayan simula nang ito'y maitatag noong Marso 29, 1969 at patuloy ang pagyabong hanggang sa kasalukuyan. Ang ugnayan at relasyon ng BHB at sambayanang Pilipino ay nabuo, pinanday, napalalim at napatatag sa 51 taong masikhay na pakikibaka sa pagsusulong ng Demokratikong Rebolusyon ng Bayan na may Sosyalistang perspektiba at isinasagawa sa pamamagitan ng Matagalang Digmang Bayan.

Sa loob ng 51 taon, labis na minahal at tinangkilik ng sambayanang Pilipino ang BHB dahil sa taos-pusong paglilingkod nito sa masa at dahil sa dakilang hangarin nitong mapalaya ang bayan mula sa kaapihan at pambubusabos ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo.

Lubos ang paniniwala ng sambayanang Pilipino na kung walang BHB walang armadong lakas at kapangyarihan ang mamamayan para durugin ang reaksyunaryong sandatahang lakas ng malalaking burgesya-komprador, panginoong maylupa at burukrata-kapitalista. Na kung walang malakas na BHB at rebolusyonaryong kilusang masa para sa armadong pakikibaka ay imposibleng maganap ang pag-agaw sa kapangyarihang pampulitika ng mga reakyunaryong uri at halinhan ito ng demokratikong kapangyarihan ng mamamayan. Na kung walang BHB, hindi maisasakatuparan ng sambayanang Pilipino ang pagtatayo ng mga rebolusyonaryong gubyernong bayan sa iba't ibang antas bilang ekpresyon ng pag-iral at pagpapatupad ng pulang kapangyarihan sa kanayunan.

Na kung walang BHB hindi lubusang maipagtatagumpay at maipagtatanggol ng mga magsasaka ang kanilang mga nakamit na tagumpay sa pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at paglaban sa iba't ibang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa kanayunan. Ang BHB ang nag-oorganisa at nagtatag ng anti-pyudal na nagkakaisang prente sa kanayunan at siyang sandigan ng lakas nito sa pagsusulong ng laban para sa maksimum at minimum na layunin ng rebolusyonaryong programa para sa reporma sa lupa ng demokratikong gubyernong bayan. Batid ng uring magsasaka, bilang pangunahing pwersa sa DRB, na kailangang isulong ang mga anti-pyudal na pakikibaka upang unti-unting pahinain ang kapangyarihan ng malalaking panginoong maylupa, mga asendero-komersyante at usurero sa kanayunan.

### Ang suporta at paglahok ng sambayanan sa armadong pakikibaka ang garantiya ng tagumpay ng DRB

Sa kabilang banda, hindi makasasapat, panandalian at mabuway ang mga tagumpay kung mahina ang Hukbong bayan at matamlay ang paglahok at pagsuporta ng taumbayan sa inilulunsad na Demokratikong Rebolusyon ng Bayan. Hindi radikal na binabago ng mga reporma ang malakolonyal at malapyudal na katangian ng lipunang Pilipino. Magkakaroon lamang ng tunay at radikal na pagbabago sa lipunang Pilipino sa pagtatagumpay ng DRB. Kung ganun, napakahalaga para sa masa ng sambayanan na palakasin nang higit ang kanilang Hukbong Bayan sa pamamagitan ng aktibo at walang patid na daloy ng suporta sa rekurso, kanlungan, paniktik, depensa at sa pagpaparami ng lakas tauhan ng BHB sa pamamagitan ng pag-aalay ng kanilang pinakamabubuti at pinakamahuhusay na mga anak para sumapi sa BHB. Kinakailangang isalin ng masa ang potensyal nitong lakas sa pamamagitan ng tuwiran at aktibong paglahok nito sa armadong pakikibaka.

Magpapatuloy ang paglakas ng armadong pakikibaka sa bansa dahil sa malawak at malalim na suporta ng sambayanang Pilipino sa Digmang Bayan. Ang higit na paglakas naman ng BHB ay nangangahulugan nang higit na paglakas ng armadong paglaban ng sambayanang Pilipino. Ang Digmang Bayan ay digma ng mamamayang Pilipino. Hindi ito magtatagumpay kung walang matibay at malawak na suporta mula sa taumbayan. Kailangang palakasin ang BHB. Kailangang palawakin at pasiglahin ang pakikidigmang gerilya na umaani ng papalawak at papalalim na suportang masa.

### Labis ang pagmamahal ng sambayanang Pilipino sa BHB habang kinamumuhian nito ang AFP-PNP

Malalim na nakaugat sa masa ng sambayanan ang BHB. Binubuo ang BHB ng mga pangkaraniwang tao mula sa uring manggagawa, magsasaka, pambansang minorya, kababaihan, kabataan at iba pang nagmula sa mga uring inaapi't pinagsasamantalahan sa lipunang Pilipino. Dahil dito, alam na alam ng BHB ang mga problemang kinakaharap ng sambayanang Pilipino na kailangang lutasin sa pamamagitan ng armadong pakikibaka.



Kung gaano minahal ng sambayanang Pilipino ang BHB, labis na pagkamuhi at galit naman ang kanilang ipinadadama sa AFP at PNP.

Para sa sambayanan ang AFP at PNP ay masugid at numero unong kaaway ng bayan. Sila'y salot, berdugo, terorista at walang ibang pinaglilingkuran kundi ang mga naghahari at nagsasamantala sa bayan. Ang AFP at PNP ang nagtataguyod at nagtatanggol sa bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino.

Samantala, sa piling ng BHB nadama at patuloy na nadarama ng sambayanang Pilipino ang katiwasayan, kaayusan at kagalingan na hindi kailanman nila naranasan sa reaksyunaryong AFP at PNP. Para sa sambayanang Pilipino, ang BHB ang tunay na bayani at lingkod ng bayan. Ito lamang ang tanging Hukbo na nagsusulong at nagtatanggol ng kanilang interes. Ito ang Hukbo na araw araw nilang kapiling at lagi nilang maasahan at masasandigan lalo na sa panahon ng mga sakuna at kalamidad. Ang BHB ang unang nakakatugon sa paghingi nila ng saklolo, sa pangangalap ng mga *relief* at rekurso at sa rehabilitasyon ng kanilang mga nasirang kabahayan at komunidad dala ng sakuna at kalamidad. Para sa masa, ito ang Hukbo na walang iniisip sa oras-oras kundi ang itaguyod ang kanilang kapakanan at kagalingan. Laging handang isakripisyo ang buhay para lamang mailigtas ang mga nasa bingit ng kamatayan.

Laging nariyan at nagsisilbing katuwang nila ang BHB sa mga inilulunsad nilang kampanya sa literasiya at numerasiya, sa kalusugan at sanitasyon at mga kampanyang nagtataguyod sa makabayan, siyentipiko at pangmasang kultura upang labanan ang dekadenteng kultura, pyudal na kaugalian at pamahiin. Ang Hukbo ang nakikipag-aralan sa kanila, natututo sa kanila at binabalik sa kanila, sa anyo ng mga serbisyo, ang mga karunungang nabuo sa masikhay na praktika at puspusang pakikibaka.

Sa pamamagitan ng BHB, namulat at tumaas ang pampulitikang kamalayan ng malawak na masa ng sambayanan hinggil sa lipunan at rebolusyong Pilipino. Inorganisa sila para buuin ang solidong lakas nila sa pulitika at militar. Tinuruan at natuto sila na maging propagandista, organisador, artista ng bayan, guro, *agriculturist* at inhinyero. Sa pamamagitan ng BHB natuto din ang masa ng konting kaalaman hinggil sa medisina, sa pagiging doktor, dentista, nars at komadrona. Tinuturuan sila kung paano isasakatuparan ang rebolusyonaryong batas at hustisya at pagpapagana ng Hukumang Bayan. Binibigyan ng pagsasanay at tinuturuan ng Hukbo ang ilang masa na maging taga-usig, manananggol at huwes.

**Ang masa ang malapad at malalim na karagatan na nalalanguyan ng BHB at pinanggagalingan ng mga kasapi ng BHB sa loob ng 51 taon**

Ang mga karanasan at mahahalagang kaalaman na natutunan ng sambayanang Pilipino sa piling ng BHB, na kaagapay nila sa 51 taong masikhay na armadong pakikibaka, ay karanasang hindi malilimutan at habambuhay nilang ituturing malaking kayamanan. Ganundin naman ang Hukbong Bayan, hindi lalakas at makakapanatili ito sa loob ng 51 taon kung walang

malalim na suporta at pagmamahal na pinagkakaloob sa kanila ang sambayanang Pilipino.

Sa loob ng 51 taon, kongkretong naranasan at napatunayan ng sambayanang Pilipino na kung wala silang kapiling na rebolusyonaryong hukbo wala sila ni anuman. Kung wala ang BHB hindi nila malalaman na ang kanilang potensyal na lakas at kapangyarihan ay higit na superyor at mapagpasya kumpara sa lakas sa baril at kabuhayan ng reaksyunaryong estado.

Subalit hindi rin matatawaran at pinatunayan ng kasaysayan na kung wala ang malalim at malawak na suporta ng mamamayan, disin sana, sa maagang panahon pa lamang ng pagkakatatag ng BHB (na nagsimula sa maliit at mahina) ay madali na itong nadurog ng AFP na higit na nakararami at taglay ang superyor ang lakas. Ngunit dahil sa malawak at malalim na suporta ng sambayanang Pilipino nalagpasan at binigo ng BHB ang pinakamahihirap na panahon ng kampanya ng pagkubkob at paglipol na pinakawalan ng mga reaksyunaryong rehimen mula kay Marcos hanggang kay Duterte. Sa pamamagitan ng malalim at malawak na suporta ng mamamayan, taon taon lumalakas ang BHB at sumisigla ang inilulunsad nitong mga taktikal na opensiba na nagsisilbing inspirasyon ng sambayanang Pilipino upang higit din nilang pasiglahin ang kanilang iba't bang porma at anyo ng paglaban sa reaksyunaryong estado.

Maaliwalas at masaganang bukas ang naghihintay sa sambayang Pilipino sa ganap ng tagumpay ng DRB.

*Mabuhay ang ika-51 Anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan!*

*Mabuhay ang Partido Komunista ng PIlipinas!*

*Mabuhay ang National Democratic Front of the Philippines!*

*Mabuhay ang Sambayanang Pilipino!* K



# Kalagayan ng mga magsisibuyas sa Mindoro

Kabilang ang Occidental at Oriental Mindoro sa mga probinsyang nangunguna sa produksyon ng sibuyas sa buong bansa. Noong 2014, aabot sa 13,330 metriko tonelada ang produksyon ng sibuyas sa isla; 99 porsyento nito ay mula sa Occidental Mindoro. Matatagpuan sa Mindoro ang malalawak na sibuyasan sa mga bayan ng San Jose, Calintaan at Sablayan sa Occidental at sa hangganan ng Bulalacao at Magsaysay sa Oriental.

Malaking porsyento ng sibuyas ng Mindoro ay dinadala sa Kabisayaan at Palawan. Karamihan sa magsasakang nagtatanim ng sibuyas sa isla ay mga di-katutubo na inihahalili ang sibuyas sa palay. Paborable sa pagtatanim ng sibuyas ang tag-init na kadalasang pahinga sa pagsasaka ng palay.

Sa karanasan ng mga Mindoreño, sobra pa ang isang ektaryang lupa para sa dalawang lata ng sibuyas. Kada lata ay mayroong higit sa dalawang libong buto. Matapos pasibulin at mailipat sa *plot*, kailangan lamang na alagaan ito ng dilig at pangontra sa mga pesteng guyam.

Kung walang bagyo, maganda ang kundisyon ng lupa at may irigasyon, maaaring umani ng higit dalawang toneladang sibuyas kada lata.

Madali sanang pagkakitaan ang sibuyas sa Mindoro dahil may tiyak na itong babagsakan na merkado. Ngunit tulad ng nangyayari sa ibang produktong bukid, mababa at hindi istable ang presyo ng sibuyas na dahilan ng pagkalugi ng mga magsasaka. Mahal ang *input* at iba pang gastusin sa produksyon, dagdag pa ang upa sa may-ari kung hindi sarili ng magsisibuyas ang lupa. Kung laging barat ang presyo, tiyak na luhaan ang magsisibuyas dahil sa pagkalugi.

Sa isang kasong aralin sa Oriental Mindoro noong 2019, P28,845 ang kabuuang gastos sa produksyon ng isang lata ng sibuyas sa kalahating ektaryang lupa.

Aabot ng P8,135 ang gastusin sa mga *input* kabilang na ang buto ng sibuyas, abono, at pestisidyo. Naglaan naman ng P18,270 na



pambayad sa mga katulong sa paghahanda ng lupa at pagtatanim ng sibuyas, renta sa makina, at pambili ng gasolina at iba pang kailangan sa produksyon. May dagdag na gastusing P2,440 pambili ng kahong pasibulan ng sibuyas at mga red bag na paglalagyan ng inaning sibuyas. Pumatak naman sa 20 porsyento ang upa sa may-ari ng lupa.

Sa kasong ito'y dalawang magsasaka ang naghati sa trabaho sa kalahating ektarya. Umani sila ng 3,600 kilo o 3.6 toneladang sibuyas.

Kung bibilhin sa P20 kada kilo, aabot sa P72,000 ang benta ng dalawang magsasaka. Matapos awasin ang gastos sa produksyon at upa sa may-ari ng lupa, makakakuha ang bawat isa ng P17,262 para sa apat na buwang trabaho. Katumbas ito ng kulang sa P144 kada araw.

Subalit kung aabutin ng bagsak presyo ng sibuyas tulad ng nangyari sa pagsisimula ng 2020, tiyak na ang pagkalugi ng magsasaka. Sa presyong P8 kada kilo, babagsak sa P28,800 ang benta ng sibuyas. Kulang na kulang ito para bayaran ang upa sa may-ari ng lupa at kabuuang gastos sa produksyon.

Ang daing ng mga magsisibuyas sa Mindoro, arbitraryo ang pagpepresyo ng mamimili sa kanilang produkto. Kahit mataas ang presyo ng sibuyas sa palengke, barat pa rin ang bili sa kanila ng mga ahente. Nadadaya rin sila sa sistema ng 'salandra' kung saan hindi na binibili ang mga sibuyas na hindi pasok sa gustong sukat ng mga mamimili.

Dagdag na suliranin sa mga magsisibuyas ang pagdating ng mga bagyo na buu-buong sumisira sa kanilang taniman. Pinangangambahan din nila ang epekto ng planong pag-iimport ng sibuyas ng Department of Agriculture na anito'y sagot sa hindi sapat na suplay ng sibuyas sa bansa. Ngayon, pinoproblema nila ang pagluluwas ng kanilang produkto dahil sa pagtigil ng mga biyahe bunsod ng krisis sa COVID-19.

Ang ganitong mga problema ang nagtutulak sa mga magsisibuyas na magkaisa at makipag-ugnayan sa rebolusyonaryong kilusan na simula't sapul ay kilala nilang nagsusulong ng kapakanan at interes ng mga magsasaka. Pumupulot sila ng aral mula sa matatagumpay na laban ng mga magsasaka para sa pagtataas ng presyo ng produktong bukid at pagbabago ng partehan sa ani na nagmarka na sa rehiyong TK. Ito ang kanilang unang hakbang upang makamit ang nararapat na presyo para sa kanilang produkto at maiwaksi ang pagsasamantala sa kanilang hanay.



# 7 sundalo, patay sa kontra-atake ng NPA sa Palawan at Quezon


Matagumpay na inilunsad ng mga yunit ng NPA sa Palawan at Quezon ang kontra-atake laban sa nag-ooperasyong AFP-PNP noong Marso 14 at 15. Nadiskaril ng mga yunit ng NPA ang atake ng AFP-PNP sa ilalim ng tuluy-tuloy na *focused military operations* at *retooled community support program operations* (FMO-RCSPO).

Noong Marso 14, nilapitan at hinaras ng isang tim ng Bienvenido Vallever Command (BVC) NPA-Palawan ang nag-ooperasyong 18th Special Forces Company sa Barangay Iraan, Rizal, bandang ala-una ng hapon. Limang kaaway ang napatay at marami ang sugatan sa hanay ng 18th SFC. May 40 tropa ng 18th SFC ang tuloy-tuloy na nag-ooperasyon at naghahasik ng takot at kaguluhan sa naturang barangay at mga karatig nito.

Sa kasunod na araw, Marso 15, naglunsad ang Apolonio Mendoza Command (AMC) NPA-Quezon ng aktibong depensa laban sa sumalakay na laking kumpanyang 85th Infantry Battalion (IB) sa Barangay San Vicente Kanluran, Catanauan, alas dos ng hapon. Nakatamo ang pasistang 85th IB ng 2 patay at hindi mabilang na sugatan matapos ang limang minutong labanan.

Ayon kay Armando Cienfuego, tagapagsalita ng Melito Glor Command - NPA Southern Tagalog, "Matinding dagok sa moral ng mga papalong tropa ng AFP-PNP ang dalawang labanan kung saan sila ang naunang umatake ngunit sila ang malubhang napinsalaan."

Patuloy na magpupunyagi ang mga yunit ng NPA sa pagbigo sa kontra-rebolusyonaryong gera na JCP-Kapanatagan. Pagtatapos ni Cienfuego, "Malaon nang itinakda ang kabiguan nito dahil higit na inilalapit ng pasismo ng rehimeng US-Duterte ang mamamayan sa landas ng rebolusyonaryong paglaban at armadong pakikibaka."



# Mga aral sa pagsansala sa COVID-19

Marami pang pag-aaral ang isinasagawa hinggil sa COVID-19 subalit may isang bagay na tiyak tungkol rito. Mabilis itong kumakalat sa buong mundo. Mula sa iisang lugar noong Disyembre 2019, kumalat ang *virus* na sanhi ng COVID-19, ang SARS-Cov-2, sa higit 180 bansa dahilan upang ideklara itong *pandemic* ng World Health Organization (WHO) nitong Marso. Habang isinusulat ang artikulong ito, higit isang milyon na ang kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa buong mundo, habang bumibilang sa lampas 60,000 ang mga namatay dito.

Bunsod ng panganib ng SARS-Cov-2, napilitan ang mga gubyernong magpataw ng mga hakbanging naglimita sa mobilidad ng tao at nagparalisa sa ekonomya habang nagtutuklas ng mga pamamaraan upang labanan ang paglaganap ng bagong sakit. Mula rito, lumitaw ang pinakamauunlad na praktikang pang-medikal at panlipunan na nagtagumpay dahil ipinauna nito ang kapakanan ng nakararaming mamamayan kaysa sa pribilehiyadong iilan.

**Pagharap sa COVID-19: Karanasan ng China, Singapore at Vietnam**

Kanya-kanyang pagsisikap ang mga bansa laban sa COVID-19, ngunit sa lahat, tumampok ang mga abanteng hakbangin ng China, Singapore at Vietnam na pinuri ng mga eksperto at WHO.

Bilang bansang pinagmulan ng COVID-19, mabigat ang presyur sa China na makontrol ang paglaganap ng sakit. Kagyat itong nagpataw ng *lockdown* sa Wuhan at iba pang siyudad na nagtala ng napakaraming kaso sa umpisa ng *outbreak* ng COVID-19. Isa pang mahalagang hakbangin nito ang libreng *testing* at pagpapagamot ng mga pasyente. Sa ilang lugar doon, mismong tim ng mga doktor ang pumupunta sa mga inuulat na pinagdududahang kaso ng COVID-19 para magsagawa ng *testing*. Lumalabas ang resulta sa loob lamang ng apat hanggang pitong oras.

Sa pagpapagaling ng mga pasyente, gumagamit ang China ng abanteng teknolohiya tulad ng *extracorporeal membrane oxygenation* para sa malalang kaso na hindi na tinatablan ng *ventilation*. Direkta ring tinuturukan ng *vitamin C (intravenous)* ang mga pasyente upang palakasin ang kanilang resistensya habang wala pang gamot na pampuksa sa SARS-Cov-2.

Modelo naman ang Singapore sa mahusay na *contact tracing* o pagsusuri sa mga nakaugnayan ng pasyenteng may SARS-Cov-2 upang mapigilan ang pagkalat ng sakit. Isang detalyadong mapa ng mga kontak sa loob ng 24 oras ang binubuo mula sa interbyu sa mga pasyente na isinasagawa sa mga ospital. Kinakategoryang malapit na kontak *(close contact)* ang sinumang nakaugnayan sa layong dalawang metro o mas malapit pa o di kaya'y nakasama ng 30 minuto o higit pa ng isang pasyente.



Seryoso ang gubyerno ng Singapore sa pagsasagawa ng *contact tracing*. Pinarurusahan nito ang magbibigay ng maling impormasyon, tulad ng nangyari sa mag-asawang Chinese mula sa Wuhan na nagsinungaling hinggil sa kanilang mga pinuntahang lugar.

Samantala, ipinakita ng Vietnam na kailangang akuin ng gubyerno ang pagtitiyak sa pang-araw-araw na pangangailangan ng mamamayan habang limitado ang mga aktibidad panlipunan. Ginawa nila ito simula pa noong maagang yugto ng pagkalat ng COVID-19 at bilang katambal na hakbangin ng mga kwarantina. Bukod sa subsidyo sa pagkain, tumanggap din ang mamamayang Vietnamese ng libreng *face masks, alcohol* at iba pang kagamitang pangkalinisan mula sa gubyerno.

Ang mga hakbanging tinuran sa itaas ay ipinatupad noon pang Pebrero, ilang linggo bago ang pagdedeklara sa COVID-19 bilang pandemic. Kritikal ang maagang hakbangin ng tatlong bansa upang maiwasan ang paglala ng pagkalat ng virus sa kanilang teritoryo. Sa katunayan, ang China—na dating *epicenter* ng COVID-19—ay pang-anim na lamang ngayon sa mga bansang may pinakaraming kaso ng impeksyon ng *virus*.

**Militaristang solusyon ni Duterte: Pahirap, hindi pansagip, sa mamamayan**

Malayong-malayo sa maagap at sistematikong tugon ng mga


bansang tinuran ang pagtugon ng GRP sa COVID-19. Hindi ito naging mapagpasya sa pagdedeklara ng *travel ban* sa China. Wala rin itong komprehensibong plano para sansalain ang paglaganap ng *virus* at tugunan ang pangangailangan ng mamamayan sa gitna ng krisis pangkalusugan.

Lantad ang kainutilan ng rehimen sa dami at bagal ng testing para sa COVID-19 na noong Marso 18 ay 1,030 pa lamang sa buong bansa. Sa gitna ng kakulangan ng *test kits*, nagawa pa ng rehimen na iprayoridad ang pagsusuri sa mga alipures ni Duterte na binansagang VIP. Kapuna-puna rin ang kakapusan ng espasyo sa mga ospital para sa mga pasyente ng COVID-19, maliit na bilang ng mga *ventilator* sa pampublikong ospital at pagmamatigas ng DOH, hanggang ngayon, na magsagawa ng malawakan at libreng *testing*.

Nakakaalarma ang pagtugon ng rehimen sa krisis laluna't nagpahayag ang WHO na maaaring umabot sa 75,000 ang kaso ng impeksyon sa Pilipinas. Tiyak na dadami pa ang mga kumpirmadong kaso na nasa 3,094 (Abril 4) at madadagdagan pa ang mga nasawi na bumibilang na sa 144.

Sa halip na kumuha ng aral mula sa China, Vietnam at Singapore, pinagpatuloy ng rehimeng Duterte ang militaristang solusyon sa COVID-19 at tuluyang isinantabi ang interes ng mayorya para sa makasariling hangarin na ikonsentra sa kanyang kamay ang kapangyarihan ng estado. Nagbunsod ang marahas na *lockdown* ng rehimen ng dislokasyon sa kabuhayan ng 11 milyong manggagawa at ibayong kagutuman laluna sa maralita. Imbes na ilayo sa pagkakasakit, ginagawa nitong higit na bulnerable ang mamamayang Pilipino. Kung magpapatuloy ang ganitong kalakaran, tiyak na sasambulat sa mukha ni Duterte ang mas malalang sitwasyong medikal sa susunod na mga buwan—kasabay ng daluyong ng galit ng mamamayang kanyang pinabayaan sa gitna ng maigting na krisis pangkalusugan. K

# Kasuklam-suklam na militaristang *lockdown* ng rehimeng US-Duterte




Walang puso ang AFP-PNP sa gitna ng militaristang *lockdown* ng rehimeng US-Duterte. Suklam na suklam ang mamamayang Pilipino sa perwisyo, dagdag na pahirap at gutom na idinulot ng gubyerno sa gitna ng krisis pangkalusugang sanhi ng lumalaganap na sakit na COVID-19. Sa Timog Katagalugan, pinakat ng 2nd ID ang 2,808 tauhan nito sa 306 *checkpoint* sa buong rehiyon at malupit na nagpapatupad ng *population and resource control operations* sa kanayunan.

Tampok sa rehiyon ang iba't ibang kaso ng paglabag sa karapatang tao ng mamamayan na nagpasahol sa kalagayan nila sa harap ng pandemyang COVID-19. Sa Quezon, inilunsad ng pasistang 85th IB ang *food blockade* at *hamletting* sa ilang barangay ng Unisan, Atimonan at Padre Burgos. Hindi pinahihintulutan ang mamamayan dito na bumili ng lagpas sa 5 kilong bigas. Pinagbabawalan din ang mga magsasaka at mag-uuling na pumunta sa kanilang mga kaingin at ulingan.

Samantala, sa isla ng Mindoro, pinagbabawalan ng AFP-PNP ang mga magsasaka at katutubong Mangyan na pumuntang bayan upang bumili ng pagkain. Hindi rin pinahihintulutang magkaroon ng dalawang sakay sa isang motorsiklo. Nagbabanta rin ang AFP-PNP na palitan ang mga tanod sa mga barangay upang matiyak na hindi lalabas ang mamamayan sa kanilang tahanan. May isang insidente kung saan hinuli at hinihingan ng sedula ang isang sibilyang bibili lamang ng asin sa San Jose, Occidental Mindoro. Pinakamasahol ang pangongotong sa mga *checkpoint* ng AFP-PNP kung saan hinihingan ng patong ang mga magsasaka na nagluluwas ng kanilang mga produktong bukid.

Sa iba pang panig ng rehiyon, hindi tumigil ang mga FMO-RCSPO ng AFP-PNP na nagpapalala sa kalagayan ng mamamayan sa panahon ng *total lockdown* sa buong Luzon.

Samantala, marahas na binuwag ng mga pulis ang ispontanyong pagtipon-tipon ng mga taga-Sityo San Roque, Barangay Bagong Pag-asa sa Quezon City upang hilingin sa gubyerno ang pangakong tulong at subsidyong pagkain na hindi nakararating sa kanila. Ikinagalit ng *netizens* ang marahas na pagbuwag ng mga pulis sa mapayapang pagtitipong ito at ang kasunod na banta pa ni Duterte na ipababaril hanggang mamatay ang mga magpoprotesta sa kalsada. Ang mga kalaganapang ito ay ibayong nagpasiklab sa galit ng mamamayan lalo sa *social media* at internet upang mananawagan ang taumbayan na patalsikin si Duterte. K

# Patuloy na paglabag ng 2nd ID sa tigil-putukan, nagresulta sa tatlong labanan

Nagresulta sa tatlong labanan ang hindi pagkilala at patuloy na paglabag ng 2nd ID sa deklarasyong tigil-putukan ng GRP sa gitna ng krisis pangkalusugang dulot ng COVID-19.

Nag-umpisa ang *unilateral ceasefire* ng GRP noong Marso 19 at matatapos sa Abril 15. Samantala, nagdeklara naman ang Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) ng tigil-putukan mula Marso 26 hanggang Abril 15 bilang pagtugon sa panawagan ng UN sa mga nagdidigmaang estado na magpatupad ng pandaigdigang tigil-putukan.

Sa kabila ng mga deklarasyong ito, nagpapatuloy ang *focused military operations - retooled community support program operations* (FMO-RCSPO) sa mga eryang saklaw ng larangang gerilya sa Timog Katagalugan. Inamin mismo ni Maj. Gen. Arnulfo Burgos, Jr., ang *commanding officer* ng berdugong 2nd ID na "hindi magdadalawang-isip ang 2nd ID na durugin ang anumang nakikitang panganib sa estado sa aling panahon". Pinawawalang saysay nito ang deklarasyong tigil-putukan ng GRP kung saan singkahulugan nitong aatakehin nila ang mga yunit ng BHB sa rehiyon sa tuwing malalaman nila kung nasaan ito kahit pa naglulunsad ang mga yunit ng BHB ng serbisyong medikal sa hanay ng masa sa ngalan ng paglaban sa COVID-19.

**Marso 28.** Pataksil na inatake ng 2nd ID ang isang yunit ng Narciso Antaso Aramil Command (NAAC)-BHB Rizal bandang alas-3 ng hapon sa Brgy. Puray, Rodriguez. Sa gitna ng paghahanda sa ika-51 anibersaryo ng NPA, naglulunsad ang naturang yunit ng gawaing masa at serbisyong pangkalusugan bilang pagtugon sa hinaing ng mamamayan at sa kampanya ng rebolusyonaryong kilusan laban sa COVID-19. Aktibong nagdepensa ang BHB Rizal na nagresulta ng isang patay at maraming sugatan sa hanay ng pasistang 2nd ID-80th IB. Nagbuwis ng buhay si Noel "Ka Bai" Levanta, isang Pulang mandirigma.

**Marso 31.** Naglulunsad ang isang yunit ng Apolonio Mendoza Command (AMC) - BHB Quezon ng kampanyang edukasyon at gawaing medikal hinggil sa paglaban at pagsansala sa paglaganap ng COVID-19 sa Brgy. Bungahan, Gumaca nang atakehin sila ng 59th IB, 3:30 ng hapon. Kagyat na nagdepensa ang AMC na nagresulta sa ilang kaswalti sa tropa ng 59th IB. Nasawi sa naturang labanan si Ryan "Ka Raymart" Noriesta, isang Pulang mandirigma na magiting na nakipaglaban para ipagtanggol ang sarili at ang masa sa lugar.

**Abril 1.** Nagkaroon ng labanan sa pagitan ng isang yunit ng AMC - BHB Quezon at 85th IB sa Brgy. White Cliff, San Narciso. Ang yunit ng BHB Quezon ay naglulunsad ng kampanyang edukasyon at sanitasyon sa taumbaryo para sa pag-iwas sa Covid-19. Namartir sa labanan si Argie "Ka Angel" Casinillo. Matapos ang labanan, naghuramentado ang 85th IB at walang tigil na nagpaputok hanggang ala-una ng madaling araw kinabukasan ng Abril 2, kahit wala nang kaharap na yunit ng NPA.

Hindi pa nasapatan, nagkalat pa ng kasinungalingan si Burgos na ang mga yunit ng NPA ang naunang naglunsad ng atake at nangingikil sa hanay ng mamamayan. Samantala, inamin mismo nina Lt. Col. Edward Canlas, *commanding officer* ng 59th IB at Lt. Col. Emmanuel Cabahug, *commanding officer* ng 85th IB na inatake nila ang mga yunit ng NPA matapos matunugan sa lugar.

Marapat lamang na singilin ang AFP-PNP sa kanilang mga krimen sa mamamayan. Panagutin ang pasistang tropa sa mga pataksil na pagsalakay salungat sa sariling *ceasefire* at pagdudulot ng perwisyo at pinsala sa buhay at kabuhayan ng mamamayan sa gitna ng krisis ng COVID-19. Sa kabila nito, hindi napigilan ang mga yunit ng NPA na tumungo sa mga komunidad at pamayanan na inabandona na ng reaksyunaryong gubyerno para ilunsad ang kampanyang edukasyon at sanitasyon laban sa pandemyang COVID-19.

### Tuluy-tuloy na FMO-RCSPO sa TK mula Marso 19 - Abril 11

| Probinsya | Saklaw ng operasyon | Yunit ng AFP-PNP |
|---|---|---|
| Quezon | 18 bayan, 73 barangay | 85th IBPA<br>59th IBPA<br>PNP<br>80th IBPA |
| Rizal | 1 bayan, 1 barangay | 80th IBPA |
| Oriental Mindoro | 5 bayan, 8 barangay | 4th IBPA<br>76th IBPA |
| Occidental Mindoro | 4 bayan, 7 barangay | 4th IB<br>PNP MIMAROPA |
| Palawan | 4 bayan, 9 barangay | 18th Special Forces Company<br>4th Marine Battalion Landing Team<br>Regional Mobile Force Battalion |
| Laguna | 2 bayan | 1st IBPA |

# Dakilain sina Ka Bai, Ka Angel at Ka Reymart! Mga martir ng rebolusyon, bayani ng sambayanan!

Pinakamataas na Pulang saludo ang iniaalay ng buong rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan kina Noel "Ka Bai" Levanta, Argie "Ka Angel" Casinillo at Ryan "Ka Reymart" Noriesta, mga magigiting na Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan na napaslang sa tatlong labanan mula Marso 28 hanggang Abril 2 sa mga probinsya ng Rizal at Quezon.

Ang tatlong martir ay biktima ng paglabag ng GRP at AFP-PNP sa sariling deklarasyon at pandaigdigang panawagan para sa tigil-putukan habang hinaharap ang COVID-19. Namatay silang aktibong ipinagtatanggol ang kanilang yunit at ang masang sinalanta ng pataksil na atake at operasyong militar ng AFP-PNP.

Ang kanilang inialay na buhay sa rebolusyon ay habambuhay na dadakilain at gugunitain ng mamamayan ng Timog Katagalugan at ng buong bansa. Babangon ang laksa-laksang aping mamamayan upang ipagpatuloy ang kanilang rebolusyonaryong pakikibaka at tanganan ang nabitiwan nilang mga armas. Buong tapang na susulong ang sambayanan hanggang sa maipagtagumpay ang demokratikong rebolusyong bayan at makamit ang tunay na makatarungan at masaganang lipunan.

**Noel "Bai" Levanta.** Si Kasamang Bai ay isang Lumad at anak ng maralitang magsasaka na tubong Bukidnon. Kilala ang kanilang tribu bilang matatapang na mandirigma. Nagpunta siya ng Maynila sa maagang bahagi ng dekada '90 para mag-aral. Inabot niya ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ng Partido na naghubog sa kanyang proletaryong paninindigan.

Habang nag-aaral sa isang pribadong unibersidad ay sumali si Ka Bai sa organisasyon ng kabataan-estudyante na lumalaban sa pagtaas ng matrikula. Pagpasok ng 1996, nagpadeploy siya sa komunidad ng Tondo para makipamuhay sa masang maralita. Naging bantog siya sa pagbubuo muli ng lakas sa Estero de Magdalena, parola at batuhan sa Tondo. Nang pumasok ang taong 2001, kasama siya sa mga nanguna sa pagpapakilos ng masang anakpawis para patalsikin ang rehimeng US-Estrada.

Kilala si Ka Bai na masigasig magbasa, mag-aral at magturo. Nakitaan siya ng angking husay sa gawaing edukasyon noon pa mang nag-aaral siya. Matapos ang pag-aalsang Edsa Dos, itinalaga siya sa gawaing instruksyon ng Komiteng Distrito ng Maynila. Masikhay siya sa gawain at patuloy na pinapaunlad ang paraan ng pagtuturo para maging simple, praktikal at madaling maunawaan ng karaniwang masa.

Gustong-gusto ni Ka Bai na sumapi sa BHB at noong 2018, ipinadala siya ng Partido sa Mindanao upang makipamuhay sa isang yunit ng Hukbo. Tumagal siya ng isang taon doon kung saan nakasalamuha niya ang kanyang kapwa Lumad. Direkta niyang naranasan ang lupit ng Martial Law sa Mindanao.

Sa gitna ng crackdown sa National Capital Region noong 2019 ay nagpasya si Ka Bai na sumapi sa BHB. Pumasok siya sa isang ng yunit ng BHB-Rizal kung saan gumampan siya bilang opisyal pampulitika. Pinuno niya ang bawat minutong kanyang inilagi sa Hukbo nang walang-pag-iimbot na pagmamahal sa sambayanan.

**Argie "Ka Angel" Casinillo.** Ipinanganak sa bayan ng San Francisco, Quezon, si Kasamang Angel, 28 taong gulang, binata at mula sa uring magsasaka. Maaga pa lang ay batid na niya ang kalagayan ng mga maralita at malapyudal na pagsasamantala ng mga naghaharing uri. Dinanas niyang sampahan ng gawa-gawang kaso ng mapanupil na estado.

Higit na naunawaan ni Ka Angel ang mala-impyernong kalagayan ng masa sa Asyenda Belt na pinaghaharian ng mga imbing panginoong maylupa ang mayamang sakahan ng Bondoc-Peninsula. Dito, napukaw siyang mag-ambag sa armadong pakikibaka upang mapalaya ang mga inaapi't pinagsasamantalahan.

Bagama't maiksing panahon lamang nakipamuhay sa yunit ng BHB si Ka Angel, sa unang linggo niya sa loob ng hukbo ay nakitaan na siya ng inisyatiba. Aktibo siya sa gawaing produksyon upang ibangon ang kabuhayan ng mga magniniyog na pinadapa ng bagyong Tisoy na sumalanta sa lalawigan ng Quezon noong Disyembre 2019. Masikhay rin siya sa pagdalo sa mga pag-aaral at pagsasanay militar, sa mga talakayan at pampulitikang gawain. Hinangaan ng mga kasama ang kanyang pagiging maalalahanin at masunurin sa disiplina at proletaryong aktitud na itinuro ng BHB.

Bukambibig ni Ka Angel sa mga kasama at masa na ang pagtangan ng baril ay upang igawad ang rebolusyonaryong hustisya na dudurog sa armadong pwersa ng reaksyunaryong estado. Aniya, ang bawat punglo ay katumbas ng pagtatanggol sa masa.

**Ryan "Ka Reymart" Noriesta.** Tunay na anak ng bayan at responsableng anak—iyan ang katangi-tanging pagkakakilanlan ni Kasamang Reymart, 27, mula sa uring magsasaka sa Brgy. Cawayan, Gumaca, Quezon.

Bago maging kasapi ng BHB si Ka Reymart, likas na sa kanya ang pagiging responsable. Wala siyang ibang inisip kundi paano mabubuhay ang kanyang pamilya sa araw-araw. Nagtrabaho siya sa kalunsuran at nakipagsapalaran para sa kakarampot na kita na makukuha niya bilang manggagawa. Ngunit dahil sa hirap ng buhay, pinili muli nitong bumalik sa probinsya at dito na magbuo ng sarili niyang pamilya.

Dala-dala din ni Ka Reymart ang pagiging responsable sa loob ng yunit ng Apolonio Mendoza Command. Gumampan siya bilang S4 o *logistics officer.* Maalalahanin at tinitiyak niyang nakakakain nang mabuti at sapat-sapat ang mga panustos ng mga kasama. Wala siyang atas na tinanggihan at hindi natapos sa loob ng yunit.

Nakalahok din sa nagkakailang aksyong militar si Ka Reymart, kabilang ang mga taktikal na opensiba na inilunsad ng kanyang yunit sa bayan ng Lopez at Macalelon noong 2019. Katulad ng iba pang mga kasamang martir, hindi siya malilimutan ng masa dahil sa pagiging maasikaso, magalang at tapat na kasapi ng hukbong bayan. K


*KULTURA*

*Kwentong* I ❤ NPA

# NPA ang anak ko!

Tulad ng iba, isa lang din akong ordinaryong ina. Ang kaibahan ko nga lang sa mga kumare ko, may anak akong NPA. Babae sya, at pinagmamalaki ko syang isang NPA, dahil namana nya sa akin ang tapang ng lahi namin. Sa totoo nga lang, hindi ako nagpapaapi sa ibang kapitbahay namin kapag alam kong pinagtsitsismisan nila ako. Basta kapag alam kong nasa tama ako, ipaglalaban ko. 'Yan siguro ang nakuhang ugali sa akin ni Momay. Pero, teka lang ha, si Momay ay hindi katulad kong mahilig makipaggitgitan. Tahimik sya tulad ng kanyang papa.

Mahigit tatlong taon nang NPA si Momay. Alam ko na dati pa na may NPA dahil laking probinsya naman ako. Nagtaka lang ako minsan bakit nalaman pati ng anak ko ang tungkol sa NPA. Mula nang magdalaga ako ay lumuwas na ako sa Maynila para magtrabaho; sa Maynila ko na nga nakilala ang naging asawa ko at dito ko na rin pinalaki ang lahat ng anak ko. Yun pala, ginusto nyang malaman ang buhay ng tinatawag nilang "masa". Maalala ko nga, nagpaalam yang si Momay na pupunta sa welga ng mga manggagawa malapit sa pinapasukan nyang eskwelahan sa kolehiyo. Nagsabi din yan noon na pupunta sa isang baryo ng mga magsasaka. Aba'y obligado yang magpaalam sa amin dahil toka nyang umuwi sa amin tuwing walang pasok, yun na nga lang ang *bonding time* namin sa bahay. Kaya 'pag uuwi yan galing sa mga pinupuntahan nya, nagkukwento yan sa bahay ng mga ginagawa nya sa mga gala nya. Nakikinig naman kami ng mga kapatid nya. Dati, may nakita akong *picture* nya sa *facebook* kausap ang isang upisyal ng pulis nung nagrali sila, aba'y *shinare* ko ang *picture*! *Proud* ako noon sa anak ko dahil palabang aktibista na nga talaga sya.



Minsang isang linggong hindi nakauwi si Momay sa amin. Aba'y anong galit at iyak ko noong mabasa ang sulat nya na NPA na sya. Nagalit talaga ako. Sabi ko sa inyo, palaaway akong tao. Kung saan-saan ko siya hinanap at nananawagan pa ako sa *facebook*. Nung dalawang buwan na sya sa NPA, tumawag sya sa amin, talagang matindi ang panghihikayat ko noon sa kanyang bumalik sa amin. Matagal nga bago ulit nasundan ang pag-uusap namin sa *cellphone* dahil nangibang-bansa naman ako. Ang kwento na lang sa akin ng papa nya, nung dumalaw sila kay Momay, talaga daw sa hirap ng buhay ngayon ay normal na ang magkakapamilyang nagkakalayu-layo. Oo nga naman, sabi ko sa sarili ko, hindi nga ako NPA, pero malayo rin ako sa pamilya ko noon para maghanapbuhay.

Siguro hindi ko pa talaga lubusang nauunawaan ang ipinaglalaban nila Momay. Baka rin isipin ng iba na hindi ko mahal ko si Momay bilang anak dahil ayos lang sa akin na isa syang NPA. Ang totoo, mahal na mahal ko yan! Pero dahil alam kong matalino ang anak ko, alam kong alam nya ang ginagawa nya. Proud ako sa kanya kahit hindi nya narating ang pangarap ko para sa kanyang magdoktor. Marami naman daw syang propesyon ngayon sa NPA, yun ang lagi nyang kinukwento sa akin. Ngayon daw ay bukod sa hukbo sya, titser din sya, doktor, magsasaka, manggagawa, *engineer, artist,* manunulat at marami pang iba! Sinong nanay ang hindi mapa-*proud* sa ganyang anak na *proud* din sa ginagawa nya? *Proud* ako sa kanya na nag-NPA sya dahil alam nyang tama ang ginagawa nya. Alam ko rin yun kasi wala naman akong makitang mali sa mga paliwanag nya sa akin tuwing mag-uusap kami. Sinusuportahan ko sya sa ginagawa nya ngayon, at hindi ko na sya hinihikayat na umuwi pa sa amin.

Nung nakabalik na ako sa Pilipinas, at nakontak ko sya sa *cellphone*, minsan ay *tinext* ko sya:

*Momay, isama mo naman ako dyan, kahit isang buwan lang. Susubukan ko lang. 41 pa lang naman ako, batang-bata at malakas pa. Kaya ko rin dyan!* K